| Aralin 12 | الدرس الثاني عشر |
|---|---|

## Ang mga Delegasyon at Pakikipagsulatan sa mga Hari

Lumitaw ang katanyagan ng Propeta (SAS) at lumaganap ang paanyaya niya kaya nagsimulang dumating sa Madínah ang mga delegasyon mula sa lahat ng pook. Ipinahahayag nila ang pagpasok nila sa Relihiyong Islam.

Nagsimula rin ang Propeta sa pakikipagsulatan sa mga hari at mga prinsipe. Inaanyayahan niya sila sa Islam. Kaya naman mayroon sa kanila na tumugon at sumampalataya at mayroon din sa kanila na tumanggi nang magandang pagtanggi at nagpadala ng mga regalo subalit hindi yumakap sa Islam. Mayroon pa sa kanila na nagalit at ginutay-gutay ang sulat ng Propeta (SAS) gaya ng ginawa ng Khosraw, ang hari ng Persia, na gumutay-gutay sa sulat ng Propeta (SAS). Kaya dumalangin laban sa kanya ang Sugo ni Allah (SAS) at sinabi: "O Allah, gutay-gutayin Mo ang kaharian niya!" Hindi pa lumipas ang maikling panahon at naghimagsik laban sa kanya ang anak niya. Pinatay siya nito at kinuha nito ang paghahari sa kanya.

Tungkol naman sa Muqawqis, ang hari ng Egipto, siya ay hindi yumakap sa Islam subalit pinarangalan niya ang Sugo ni Allah (SAS).

Tungkol naman kay alMundhir ibnu Sáwí, ang tagapamahala ng Bahrain, noong dumating ang sulat ng Propeta (SAS) ay binasa niya ito sa mga mamamayan ng Bahrain kaya mayroon sa kanila na sumampalataya at mayroon sa kanila na tumanggi.

## Ang Pagyao ng Propeta (SAS)

Pagkalipas ng mga dalawang buwan at kalahati mula ng mag-balik siya mula sa hajj ay nagsimula sa kanya ang karamdaman niya at nag-umpisang lumala sa paglipas ng bawat araw. Noong nanghina na siya para mamuno sa mga tao sa saláh ay hiniling niya kay Abú Bakr asSiddíq (RA) na pamunuan sa saláh ang mga tao.

Araw ng Lunes, ika-12 ng buwan ng Rabí'ul'awwal ng ika-11 taon ng paglikas, lumipat ang Sugo (SAS) sa Kapisang Kataas-taasan. Ganap na 63 gulang siya. Nakarating ang balita sa mga Kasamahan niya. Halos mawalan sila ng katinuan nila at hindi sila naniwala sa balita hanggang sa tumayo si Abú Bakr asSiddíq (RA) sa gitna nila bilang isang tagapagsalita na magpapanatag sa kanila at maglilinaw sa kanila na ang Sugo (SAS) ay isang tao, na siya ay namamatay kung paanong namamatay ang tao kaya napanatag ang mga tao. Naisagawa ang pagpapaligo sa Sugo (SAS). Binalot siya at inilibang siya sa silid ng maybahay niyang si 'Á'ishah (RA).

Namuhay ang Sugo (SAS) sa Makkah nang 40 taon bago naging propeta at 13 matapos naging propeta. Namuhay naman siya nang 10 taon sa Madínah matapos naging propeta.

Matapos ang pagyao ng Sugo (SAS) ay nagkaisa ang mga Muslim sa pagpili kay Abú Bakr asSiddíq (RA) bilang khalífah para sa mga Muslim. Siya ang una sa mga napatnubayang khalífah.